

- Pangalagaan ang iyong field.
 - Ilayo sa iyong drainfield ang iyong sasakyan at anumang bagay na mas mabigat kaysa sa iyong lawnmower.
 - Tanggalin o limitahan ang paggamit ng pangtaon ng basura. Lubos na binabawasan nito ang dami ng mga taba, grasa, at solid na pumapasok sa iyong septic system at maaaring makabara ito sa iyong drainfield.
 - Magtanim ng mga puno nang malayo sa drainfield dahil maaaring makabara ang mga ugat ng puno sa field at maging sanhi ito ng pagkasira ng sistema.
 - Liwas sa drainfield ang labis na tubig mula sa irigasyon, matinding pag-ulan, o mga drain.

Hakbang 4: Pang-iwas na Pagpapanatili

Ano pa ang maaari kong gawin para makatulong na mapanatili ang aking sistema?

Dapat na siyasatin ng provider ng serbisyo ng septic system ang karaniwang septic system tuwing tatlo hanggang limang taon. Dapat na ibomba ang tangke gaya ng inirerekomenda ng provider ng serbisyo o gaya ng iniatas ng iyong bayan, county, o estado. Sa pangkalahatan, maaari mong planuhin na ipabomba ang tangke nang humigit-kumulang bawat tatlo hanggang limang taon. Tulad ng pagpapalit ng krudo sa iyong sasakyan, magpapahaba sa buhay ng iyong sistema ang pang-iwas na pagpapanatili ng septic system nang mura kumpara sa halaga ng pagpapalit ng sistema.

Ano ang mga gastusing nauugnay sa pagpapanatili ng isang septic system?

Dapat na ipa-inspeksyon ang septic system ng iyong tahanan tuwing tatlo hanggang limang taon bilang bahagi ng regular na pagpapanatili nito at bombahin kung kinakailangan depende sa mga resulta ng inspeksyon. Karaniwang nagkakahalaga ang serbisyo sa pagpapanatili sa pagitan ng \$250 hanggang \$500, batay sa mga pagtatantya sa industriya sa buong bansa. Mas abot-kaya ang mga gastos sa pagpapanatili kumpara sa gastos sa pag-aayos o pagpapalit ng septic system na maaaring nagkakahalaga nang libo-libo hanggang sampu-sampung libong dolyar. Makipag-ugnayan sa lokal na provider ng serbisyo ng septic system na maaaring magbigay ng pagtatantya ng gastos na partikular sa iyong lugar at mga pangangailangan. Maaari din silang magbigay sa iyo ng mas tumpak na impormasyon kung gaano kadalas dapat serbisuhan at bombahin ang iyong sistema.

Hakbang 5: Pagwawasto na Pagpapanatili

Paano ko malalaman kung hindi gumagana nang maayos ang aking septic system? Ano ang gagawin ko?

Mayroong ilang palatandaan ng hindi maayos na gumaganang septic system. Kung matuklasan mo ang alinman sa mga palatandaan ng babalang ito, tumawag kaagad sa provider ng serbisyo ng septic system. Makakatipid ka nang libo-libong dolyar sa isang pagtawag!

- Pag-angat o pagbulwak na maruming tubig sa mga drain ng sambayanan.
- Matinding amoy sa paligid ng septic tank o drainfield.
- Matingkad na berde at spongy na damo na lumalabas sa drainfield.

Sa wastong pangangalaga at pagpapanatili, magsisilbi sa iyong tahanan ang iyong septic system sa mga darating pang taon. Kaya naman mahalagang gawin mo ang iyong bahagi at maging SepticSmart!

Gabay ng Bagong Mamimili ng Bahay para sa Mga Septic System

Kung bibili ka ng bagong bahay na may septic system, para sa iyo ang gabay ng mamimili ng bahay na ito!

Nagbibigay ang gabay na ito ng impormasyong kailangang malaman ng mga bumibili ng bahay bago bumili ng bahay na may septic system (kilala rin bilang sistema ng maruming tubig sa site), kung paano gumagana ang septic system, at ang kahalagahan ng pag-inspeksyon nito bago bumili ng bahay. Bilang karagdagan, nagbibigay ang gabay na ito ng impormasyon sa pang-araw-araw, pang-iwas, at pagwawasto na pagpapanatili kapag tumira ka sa iyong bagong tahanan.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng kalusugan, ahente ng real estate o bisitahin ang www.epa.gov/septic.



Island County Public Health
1 NE 6th Street
Coupeville, WA 98239
360-679-7350
<https://www.islandcountywa.gov>



EPA-832-F-17-010
Agosto 2017



Hakbang 1: Unawain ang iyong septic system

May septic system ba ang aking bagong tahanan? Paano ko ito makikita?

Malamang na mayroon kang septic system kung:

- Gumagamit ka ng tubig mula sa balon;
- Walang metro ang linya ng tubig na pumapasok sa iyong bahay;
- May septic system ang iyong mga kapitbahay; o,
- Nakatira ka sa isang rural na lugar.

Unawain ang iyong septic system sa pamamagitan ng:


- Pagtingin sa guhit para sa septic system ng iyong tahanan “noong binuo,” na maaari mong hilingin sa mga talaan ng iyong lokal (hal., bayan, county, o estado) na departamento ng kalusugan;
- Pagsuri sa iyong bakuran para sa mga takip, lid, o takip ng manhole na pang-inspeksyon;
- Pakikipagtulungan sa provider ng serbisyo ng septic system, na makakatulong sa paghahanap ng sistema; at,
- Pagtatanong sa nagbebenta o realtor.

Paano gumagana ang isang septic system?

1. Ang lahat ng tubig ay umaagos palayo sa iyong bahay mula sa pangunahing drainage pipe papunta sa septic tank.
2. Ang septic tank ay isang nakabaon na lalagyan ng tubig. Ang trabaho nito ay pigilan nang sapat na katagalan ang maruming tubig para maipon sa ilalim (sludge) ang mga solid habang ang mga taba, krudo at grasa ay lumulutang sa itaas (scum).
3. Para sa mga karaniwang septic system, ang likidong maruming tubig ay lumalabas sa tangke at kumakalat nang pantay-pantay sa buong drainfield, na kadalasang sa pamamagitan ng distribution box. Ang mga sistemang may mas mahusay na paglilinis ay maaaring may karagdagang bahagi sa pagitan ng septic tank at drainfield.

4. Kapag nasa drainfield na, ang maruming tubig ay tumatagos sa lupa, na muling kumukuha sa tubig para magamit muli sa hinaharap sa pamamagitan ng natural na pag-alis ng mga nakakapinsalang baktery, virus, at ilang nutrient.

Maaaring mag-iba ang prosesong ito batay sa mga kondisyon ng site ng iyong ari-arian (hal., uri ng lupa, kalapitan sa tubig). Ang provider ng serbisyo ng septic system at na mga guhit ng iyong septic system “noong binuo” ay makapagsasabi sa iyo kung anong uri ng sistema ang nasa ari-arian.



Hakbang 2: Ipasuri ang iyong sistema

Paano ko matitiyak na gumagana nang tama ang aking septic system?

Ang pagbili ng bahay ay isa sa pinakamalalaking pamumuhunan na gagawin mo, kaya gugustuhin mong iwasan ang anumang sorpresa pagkatapos mong bilhin ang bahay. Katulad ng iyong furnace, ang septic system ay magastos para ipaayos o palitan kaya gugustuhin mong nasa maayos na kondisyon ito kapag bumili ka ng bahay. Ipasuri ang sistema sa provider ng serbisyo ng septic system bago ka bumili ng bahay. Ang mga pag-inspeksyon ay maaaring iatas ng iyong lokal na gobyerno o pamahalaan ng estado o ng iyong tagapagpahiram ng mortgage. Makakatulong sa iyo ang mga resulta ng inspeksyon na magpasya kung ang tahanan ay tama para sa iyo.

Ano ang dapat mangyari sa panahon ng inspeksyon ng septic system?

Susuriin ng inspektor ang sumusunod:

- Mga tala ng pagbobomba at pagpapanatili;
- Edad ng septic system;
- Mga antas ng sludge at kapal ng scum sa tangke;
- Mga palatandaan ng pagtagas, tulad ng mabababang antas ng tubig sa tangke;
- Mga palatandaan ng pag-angat ng tubig, tulad ng pagbabatik sa tangke sa itaas ng tubo ng labasan ng tubig;
- Integridad ng mga tubo ng tangke at pasukan at labasan ng tubig;
- Ang drainfield, para sa mga palatandaan ng pagpalya ng sistema tulad ng nakapirming tubig;
- Ang distribution box, para matiyak na ang mga linya ng pag-drain ay tumatanggap ng pantay na pagdaloy; at
- Magagamit na mga tala, para matiyak na ang sistema ay sumusunod sa mga lokal na regulasyon tungkol sa paggana at lokasyon.

Hakbang 3: Araw-araw na Pagpapanatili

Ano ang maaari kong gawin para makatulong na mapanatili ang aking system araw-araw?

15 hanggang 40 taon ang karaniwang haba ng buhay ng septic system, ngunit maaari itong magtagal kung maayos na pinapanatili!

- Isipin ang lababo. Isaalang-alang kung ano ang inilalagay mo sa iyong banyo at lababo at ang maaaring epekto nito sa iyong system. Maraming karaniwang gamit sa bahay ang maaaring makabara sa iyong system o makapatay ng mga microbe na naglilinis sa maruming tubig.
- Kasama sa mga “clogger” ang mga lampin, baby wipe, dumi ng pusa, sigarilyo, dinurog na kape, grasa, at produktong pangkalinisan na pambabae.
- Kabilang sa mga “killer” ang mga kemikal sa bahay, gasolina, langis, pestisidyo, antifreeze, pintura, at napakaraming anti-bacterial na sabon at detergent.
- Huwag puwersahin ang iyong drain.
 - Kung mas kaunting tubig ang iyong ginagamit, mas kaunti ang kailangang gawin ng iyong septic system. Huwag pagsabay-sabayin ang paggamit ng mga appliance, gumamit ng mga napakahusay na plumbing fixture, at ayusin ang anumang pagtagas sa iyong tahanan.
 - Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa <https://www.epa.gov/watersense/>.